3 Dahilan kung bakit dapat kumuha ka ng iyong Na-update na (bivalent) Bakuna o Booster para sa COVID-19 Ngayon

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI

Ang na-update na mga bakuna at booster para sa COVID-19 ay daragdagan ang lebel ng iyong proteksyon. Tumutulong ang mga ito na magbigay ng proteksyon laban sa orihinal na strain ng COVID-19 at mga subvariant ng Omicron.

PROTEKTAHAN ANG IYONG MGA MAHAL SA BUHAY

Ang na-update na mga bakuna at booster para sa COVID-19 ay tutulong na maprotektahan ka at ang iyong mga mahal sa buhay, kapag nagtipon-tipon kayo sa buong taon. Inirerekomenda ang mga ito para sa mga kwalipikadong indibiduwal na may edad na 6 na buwan pataas.

PROTEKTAHAN ANG IYONG KOMUNIDAD

Tumutulong ang na-update na mga bakuna at booster para sa COVID-19 na bawasan ang pagkalat ng COVID-19 at protektahan ang iyong komunidad. Pinoprotektahan ng mga ito ang mga tao mula sa pagkakasakit nang malubha, maospital, o mamatay dahil sa COVID-19.

ANG NA-UPDATE NA MGA BAKUNA AT BOOSTER PARA SA COVID-19 AY LIGTAS, MABISA AT LIBRE

Kung dalawang buwan na mula nang makumpleto mo ang iyong pangunahing serye o huling monovalent (orihinal na bersyon) na dosis ng booster, kwalipikado kang matanggap ang na-update na booster.

KUMUHA NG IYONG NA-UPDATE NA BAKUNA O BOOSTER PARA SA COVID-19: TUMAWAG SA 1-855-568-0545 0545 O PUMUNTA SA COVID19.NJ.GOV/VACCINE

NA-UPDATE 01/04/23